Iskedyul ng mga pagsusulit ng NAPLAN sa taong 2009

	Martes Ika-12 ng Mayo	Miyerkoles Ika-13 ng Mayo	Huwebes Ika-14 ng Mayo
Year 3	**Mga Kalakarang Pangwika** 40 minuto **Pagsulat** 40 minuto	**Pagbasa** 45 minuto	**Pagbilang** 45 minuto
Year 5	**Mga Kalakarang Pangwika** 40 minuto **Pagsulat** 40 minuto	**Pagbasa** 50 minuto	**Pagbilang** 50 minuto
Year 7	**Mga Kalakarang Pangwika** 45 minuto **Pagsulat** 40 minuto	**Pagbasa** 65 minuto	**Pagbilang** 40 minuto x 2 (kabuuang 80 minuto) Iksamen na pinapahintulutan ang kalkyuletor - unang naka-iskedyul, kasunod ang Iksamen na walang kalkyuletor.
Year 9	**Mga Kalakarang Pangwika** 45 minuto **Pagsulat** 40 minuto	**Pagbasa** 65 minuto	**Pagbilang** 40 minuto x 2 (kabuuang 80 minuto) Iksamen na pinapahintulutan ang kalkyuletor - unang naka-iskedyul, kasunod ang Iksamen na walang kalkyuletor.

Kabilang sa **mga Kalakarang Pangwika** ang pagbaybay, gramatika at pagbantas

Kabilang sa **Karunungang** bumilang ang Numero; Espasyo; Alhebra, tungkulin at disenyo; Pagsukat, pagkakataon at datos.

Mga Kalkyuletor
Sa Year 3 at 5, ang iksamen ukol sa Karunungang bumilang ay hindi pinapayagan ang paggamit ng Kalkyuletor. Sa Year 7 at 9, mayroong isang iksamen sa Karunungang bumilang na pinapayagan ang paggamit ng kalkyuletor at mayroong isang hindi ito pinapayagan.

Website ng NAPLAN
www.naplan.edu.au

NAPLAN

PROGRAMA SA PAMBANSANG PAGTATASA

Karunungang bumasa, sumulat at bumilang

2009

Impormasyon para sa Mga Magulang

MINISTERIAL COUNCIL ON EDUCATION, EMPLOYMENT, TRAINING AND YOUTH AFFAIRS

Tagalog

PROGRAMA SA PAMBANSANG PAGTATASA

Karunungang bumasa, sumulat at bumilang 2009

Noong 2008, ang Programa sa Pambansang Pagtatasa-Karunungang bumasa, sumulat at bumilang (NAPLAN) ay nagsimula sa mga paaralan sa Australia. Ang programa ay patuloy sa 2009 na ang lahat ng mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9 ay tatasahin gamit ang pangkaraniwang pambansang iksamen sa Pagbasa, Pagsulat, Mga Kalakaran Pangwika (Pagbaybay, Gramatika at Pagbantas) at Karunungang Bumilang.

Sino ang kukuha ng iksamen?

Lahat ng mga estudyante sa Year 3, 5, 7 at 9 ay inaasahang lumahok sa programa ng pagtatasa. Kung ang inyong anak ay may espesyal na mga kalagayan, dapat ninyong talakayin ang mga ito sa punong-guro.

Sino ang mangangasiwa ng mga iksamen?

Ang mga iksamen ng NAPLAN ay isinasagawa sa mga paaralan at pinangangasiwaan ng mga guro.

Sino ang magmamarka sa mga iksamen?

Ang mga iksamen ay mamarkahan ng mga eksperto, independiyenteng mga taga-marka.

Ano ang tatasahin?

Ang nilalaman ng bawat isang iksamen ay binigyang-kaalaman ng Pambansang mga Pahayag ng Pag-aaral ng Ingles at Matematika, na sumusuporta sa mga balangkas ng pag-aaral sa mga estado at teritoryo. Ang mga katanungan sa iksamen ay sinasakop ang mga aspeto ng Karunungang bumasa at sumulat (Pagbasa, Pagsulat, Gramatika, Pagbantas at Pagbaybay) at Karunungang bumilang. Ang mga katanungan ay maaring sagutin mula sa maraming pagpipiliang sagot (multiple choice) o mangailangan ng pagsulat ng maiksing sagot. Sa gawaing Pagsulat ang mga mag-aaral ay kinakailangang sumulat ng salaysay o kuwento.

Lahat ng pampamahalaan at hindi-pampamahalaang mga autoridad sa edukasyon ay nag-ambag sa pagbuo ng mga materyales ng NAPLAN.

Saan ako makakakita ng halimbawang mga katanungan?

Ang mga halimbawang katanungan at halimbawang Gawaing pagsulat ay maaaring makuha mula sa website ng NAPLAN.

Maaari ko bang tulungan ang aking anak na makapaghanda para sa mga iksamen?

Ihahanda ng mga guro ang mga mag-aaral para sa mga iksamen at magbibigay ng tulong at pampalakas-loob bago at sa panahon ng iksamen. Ang mga magulang ay dapat muling magbigay-tiwala at maging positibo sa mga araw ng iksamen ng NAPLAN.

Kailan gaganapin ang mga iksamen?

Ang mga iksamen ay nakaiskedyul sa mga umaga ng Martes Mayo 12, Miyerkules Mayo 13 at Huwebes Mayo 14. Tatapusin ng lahat ng mga paaralan sa buong Australia ang mga iksamen sa parehong mga araw. Ang mga oras na ipinakita sa iskedyul ay ang mga oras ng pagtatrabaho ng mag-aaral. Magbibigay ng karagdagang oras para sa tagubilin ng guro.

Ano ang mangyayari kung lumiban ang aking anak sa araw ng mga iksamen?

Saanman posible, ioorganisa ng mga paaralan na makakumpleto ng pahabol na iksamen ang bawa't mag-aaral na lumiban sa araw ng iksamen sa ibang oras sa loob ng linggo. Ang bawa't mag-aaral na hindi nakapasok sa araw ng iksamen ay hindi na papayagang kumuha ng iksamen pagkatapos ng Biyernes Mayo 15.

Anong karagdagang suporta ang maaaring ibigay ng mga paaralan para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan?

Ang mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan ay bibigyan ng tulong na makakuha ng mga iksamen. Ang isang pormal na iksemsiyon ay maaring ipagkaloob sa mga mag-aaral na may matinding kapansanan sa kakayahang matuto o mga bagong dating sa Australia buhat sa mga bansang hindi Ingles ang ginagamit na salita. Mangyari lamang na kontakin ang inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

Makakatanggap ba ako ulat sa pagganap ng aking anak?

Ang ulat ng NAPLAN ay ilalabas ng inyong paaralan sa huling bahagi ng taon. Ang parehong pormat ng ulat ay gagamitin para sa bawa't mag-aaral sa Australia. Ipapaalam sa inyo ng paaralan kung kailan ipapadala ang mga ulat sa inyong tahanan. Kontakin ang paaralan kung hindi kayo nakatanggap ng ulat.

Ang resulta ng inyong anak ay mahigpit na ililihim.

Ang ulat ay isang aspeto lamang ng proseso ng pagtatasa at pag-uulat ng paaralan at hindi pumapalit sa higit na malawak at may kaalamang pagpapasiya ng mga guro tungkol sa inyong anak.

Anong mga impormasyon ang ibibigay tungkol sa pagganap ng mag-aaral?

Ang mga resulta ng NAPLAN ay nagbibigay ng mahalagang sukatan kung paano gumaganap sa Karunungang bumasa, sumulat at bumilang ang lahat ng mga mag-aaral sa Australia.

Ang pagganap ng inyong anak sa bawa't iksamen ay makikita sa pambansang timbangan ng natamo mula sa Year 3 hanggang Year 9. Anim na buklod ang iniuulat sa bawat taon ng pagaaral. Isa sa mga buklod na ito ay kumakatawan sa pinakamababang pambansang pamantayan para sa mga mag-aaral sa bawat taon. Ang resulta sa pinakamababang pambansang pamantayan ay nagpapahiwatig na ang mag-aaral ay nagpakita ng pinakabatayang mga kasanayan sa Karunungang bumasa, sumulat at bumilang na kinakailangan upang makalahok sa taon ng pag-aaral na iyon.

Ang pagganap ng inyong anak ay maaring ikumpara sa ibang mga mag-aaral sa inyong estado o teritoryo at sa buong Australia.

Paano gagamitin ang mga resulta ng iksamen ng NAPLAN?

- Maaring gamitin ng mga mag-aaral at mga magulang ang bawat resulta upang talakayin ang mga natamo at progreso sa mga guro.
- Ginagamit ng mga guro ang mga resulta upang makilala ang mga mag-aaral na nangangailangan ng higit na paghamon o karagdagang tulong.
- Ginagamit ng mga paaralan ang mga resulta upang malaman ang mga kalakasan at kahinaan ng mga programa sa pagtuturo at upang itakda ang mga layunin sa Karunungang bumasa, sumulat at bumilang.
- Ginagamit ng mga sistema ng paaralan ang mga resulta upang repasuhin ang mga programa at suportang ibinibigay sa mga paaralan.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga karagdagang impormasyon sa NAPLAN ay makukuha sa pamamagitan ng :

- pagkontak sa paaralan ng inyong anak
- pagtawag sa autoridad ng edukasyon sa inyong estado, teritoryo o sistema
- pagbisita sa website ng autoridad ng edukasyon sa inyong estado, teritoryo o sistema
- pagbisita sa pambansang website ng NAPLAN.